

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-33 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP 15 SETYEMBRE 2003, IKA-9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:



Vice Mayor Cesar T. Batigos	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Gemmar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pamhayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Konsehal Mae Arlene M. Talens - On Leave

KAPASYAHAN BLG. 078
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY GNG. ROMERLIE MARFIL DEPUNO AT MGA KAAKAP SA PAGPANAW NG KANILANG MINAMAHAL, G. VIC F. DEPUNO.

SAPAGKAT	ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama at haligi ng tahanan at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;
SAPAGKAT	ang yumaong si G. Vic F. Depuno ay isang mabait at mapagpalang ama, isang mapagmahal at butihing asawa, at matulunging anak at kapalid sa kanyang pamilya;
SAPAGKAT	ang pagpanaw ni Vic ay lubos na dinaramdam at pinanghihinayangan ng mga kaibigan, kasamahan sa trabaho lalo't higit ng mga taong kanyang natulungan sa bangkong The Country Bank, Roxas Branch na pinaglingkuran niya ng mahabang panahon;
SAPAGKAT	ang pamimighati ng kanyang butihing kaniyak, Gng. Wealth M. Depuno at ng kanyang mga kaanak ay nararamdaman din ng kanyang mga kasamahan at kaibigan dito sa pamahalaang bayan;



Talens

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan, ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayang ito ay lubos na nakikiramay sa pagpanaw ng isang ama, isang asawa at isang kaibigan.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Gng. Wealth M. Depuno at mga kaanak na nauula ni G. Vlc F. Depuno ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Wealth M. Depuno at sa mga kaanak ng yumaog lakip ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 15 Setyembre 2003


PINATUTUNAYANG WASTO:



TEOFILA F. FAINA

Umaktoong Kalihim ng Sanggunian


PINATITIBAYAN:



CESAR T. BATICOS

Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan